
JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhanahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Ikalawang Markahan-Modyul 3:

### Mga Malikhaing Proyekto na Gawa sa Kahoy, Metal, Kawayan at Iba Pa



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

Pangalan ng Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Amancio B. Cainta, Jr., Analiza L. Orbecido |
| **Editor:** | Amancio B. Cainta, Jr., Jerry M. Perong |
| **Tagasuri:** | Dr. Jephone P. Yorong |
| **Tagaguhit:** | Analiza L. Orbecido |
| **Tagalapat:** | Amancio B. Cainta, Jr. |
| **Tagapamahala:** | Dr. Ella Grace M. Tagupa |
| | Dr. Jephone P. Yorong |
| | Jerry M. Perong |
| | Jose C. Overa |
| | Macaria A. Manuta |
| | Camila Jeanette J. Debaloy |




# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nakagagawa ng mga malikhaing proyekto na gawa sa kahoy, metal, kawayan, at iba pang materyales na makikita sa kumunidad



# Balikan

| **Panuto:** | Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot. |
|---|---|

1. Ito ay isang uri ng namumulaklak na kawayang likas na matatagpuan sa ating bansa.

   A. Anos  B. Buho  C. Kawayan Tinik  D. Bayog

2. Isa ito sa mga pinakakilalang uri ng halaman dahil sa taglay nitong tatag at karaniwang nakikita na nakatanim ito saan mang bahaging ating bansa.

   A. Anos  B. Kawayan  C. Buho  D. Kawayang Bolo

3. Ito ay tinatawag ding sawali at nabubuhay sa matataas at maiinit na lugar. Napaparami ang ganitong uri ng kawayan sa pamamagitan ng pagtatanim ng buto nito.

   A. Buho  B. Anos  C. Botong  D. Bayog

4. Ito ay uri ng kawayan na matatagpuan sa mga bansa sa Asya. Sa Pilipinas, ito ay umaabot ng taas na 14 hanggang 20m at nabubuhay sa matataas at mainit na lugar.

A. Botong B. Giant Bamboo C. Kawayang Tinik D. Buho

5. Ito ay karaniwang may mga tinik at ang tangkay nito ay umaabot ng 10 hanggang 25m, may lapad na 8 hanggang 15cm at namumulaklak. Maari rin itong kainin at ipanggamot.

A. Kawayang Tinik B. Buho C. Giant Bamboo D. Anos

| Aralin 1 | Mga Malikhaing Proyekto na Gawa sa Kahoy, Metal, Kawayan at Iba Pang Materyales |
| --- | --- |



# Tuklasin

**Panuto:** Sagutin mo ang bugtong. Gawing gabay ang mga letra sa ibaba upang maibigay mo ang tamang kasagutan.

**Bugtong:** Sa paggawa ng proyekto ako'y dapat ihanda,
Dala ko'y halaga at tagumpay sa paggawa.

**E S L A M A R E T Y**

Sagot: ______________________



# Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

Maraming proyekto at mga mahahalagang bagay ang pweding mabuo mula sa mga materyales na makikita sa ating paligid. Upang makagawa ng isang malikhaing proyekto, kailangang alamin at unawain ang mga kasanayan sa paggawa at mga dapat tandaan sa paggawa ng proyekto.

## Mga Kasanayan sa Paggawa ng Proyekto

Ang sumusunod ay mga kasanayan sa paggawa ng matagumpay na proyekto.

1. **Pagpaplano**

   Mahalaga ang plano ng isang proyekto. Dito nakasaad ang pangalan ng proyekto, mga kagamitan, bilang at halaga. Dito rin makikita ang pamamaraan sa paggawa at krokis ng proyekto.
2. **Pagsusukat**

   Ito ay kasanayan ng pagbibigay-katangian sa isang bagay gamit ang iba't ibang kasangkapan na may kalibra. Mahalagang tama ang sukat ng mga gagamitin sa proyekto upang makagawa ng maayos at magandang produkto.
3. **Pagpuputol**

   Ang paggamit ng tamang kasangkapan sa pagputol ay mahalaga. Sundin ang mga panuntunan sa tamang paraan ng pagpuputol ng mga ito.
4. **Pagpapakinis**

   Dapat ay kinisin ang mga bahagi ng proyekto na ginagawa upang ito ay maging kaaya-aya sa paningin ng mga susuri nito.
5. **Pagbubuo**

   Tiyaking tama ang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng proyekto upang ito ay matibay, maganda, at presentable.
6. **Pagtatapos**

   Upang maging pulido o makinis ang gawa, lagyan ng barnis o pintura ang produkto o proyektong ginawa. Dapat ay tama ang kapal at pantay-pantay ang pagkakapahid nito.

## Mga Dapat Tandaan sa Paggawa ng Proyekto

1. Tiyaking nakasuot ng angkop na kasuoton sa paggawa.
2. Ilagay ang mga kasangkapan sa matibay na lalagyan.
3. Tiyakin na nasa maayos na kondisyon ang mga kagamitan at alam ang tamang paggamit nito.
4. Pumili ng isang maaliwalas, ligtas, at malinis na lugar kung saan isasagawa ang proyekto.
5. Sundin ang panuto sa paggawa ng proyekto.
6. Humingi ng payo sa nakatatanda at guro kung nag-aalangan sa proseso ng paggawa.

7. Iwasan ang pakikipag-usap at ituon ang atensiyon sa ginagawang proyekto.
8. Iwasan ang paglalagay ng matutulis at matatalas na kagamitan sa bulsa upang maiwasan ang aksidente.
9. Balutin ang matulis at matalas na bahagi ng mga kasangkapan.
10. Maging maingat sa paggamit ng matutulis at matatalas na kagamitan.
11. Tiyaking kumain at nakapagpahinga nang maayos bago gawin ang proyekto.
12. Panatilihing malinis ang lugar na pinaggagawaan ng proyekto. Iligpit ang mga kalat at ang mga kasangkapang ginamit.

**Laging tandaan;**

- May angkop na kagamitan na ginagamit sa pagsasagawa ng anumang proyekto.
- Upang maging matagumpay ang lahat ng gawain, nararapat na gamitin ang talino, kakayahan, at galing. Ito rin ay nakatutulong upang mapabilis at mapagaan ang anumang gawain.
- Ang sariling produkto ay dapat na ipagmalaki dahil sa inilaang oras, panahon, salapi, at galing sa pagbuo nito.
- Disiplina at tiwala sa sarili, sa paggawa ay dapat na panatilihin upang maitaas ang kalidad ng proyekto at gawa.
- Ang mga kasanayan na dapat linangin at isaalang-alang sa paggawa ay pagsusukat, pagpuputol, pagpapakinis, pagbubuo, at pagtatapos.
- Ang pagtutuos ng halaga ng proyekto ay kinakailangan upang malaman ang halagana magagastos at ang halaga ng produkto na ipagbili.



# Pagyamanin

**Panuto:** Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo mo ang isang awitin. Piliin ang sagot sa kahon. Para lubos mo itong mauunawaan, pwede mo itong awitin sa tono ng “**Bahay Kubo**”.

| | | |
|---|---|---|
| gagamitin | plano | produkto |
| dalaga | sukat | paggawa |



**Paggawa ng Proyekto**

Mahalaga ang 1. ____________ ng isang proyekto
Dito makikita ang pamaraan sa 2. _____________
Tama ang 3. __________ ng mga 4. ______________
Upang makagawa ng magandang 5. ____________



# Gawain

| | |
|---|---|
| **Panuto:** | Isaayos ang paraan ng paggawa ng proyektong "**Patungan ng Aklat**" sa pamamagitan ng paglagay ng bilang 1 hanggang 10 sa patlang bago ang bilang. |

_____**A.** Gumamit ng katam sa paglilinis ng magagaspang na mga bahagi nito.

______**B.** Sukatin ang materyales na gagamitin ayon sa iyong plano.

______**C.** Putulin ang mga bahagi. Sundin ang tamang sukat.

______**D.** Pakinisin gamit ang liha bago pahiran ng barnis ang buong patungan.

______ **E.** Isa-isahing ipako ang mga  bahgi ng patungan.

______ **F.** Ipakita sa guro ang natapos na proyekto.

______ **G.** Ihanda ang mga kasangkapan at materyales na gagamitin.



# Isaisip

| | |
|---|---|
| **Panuto:** | Base sa iyong natutunan, punan mo ang mga salaysay sa ibabang bahagi upang makompleto ito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. |

| | | |
|---|---|---|
| proyekto | gagawa | tandaan |
| pagpaplano | malikhaing | bibili |

**Mga Malikhaing Proyekto na Gawa sa Kahoy, Metal, Kawayan at Iba Pang Materyales**

Sa araw na ito, natutunan ko na ang 1.________________ paggawa ng 2. ______________. Mahalaga ang 3. ________________ bago ito isagawa. Isaisip rin ang mga dapat 4. ______________ sa paggawa ng proyekto upang maging matagumpay ito. Mas mabisa kung ako mismo ang 5. ____________ upang lubos kong matutunan ito.



# Tayahin

**GAWAIN A**

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong kasangkapan ang dapat gamitin upang makagawa ng matibay na patungan ng aklat?

   A. plastik
   B. kahoy
   C. kawayan
   D. papel

2. Si Aling Maricel ay gumawa ng isang proyekto na gawa sa kahoy. Alin sa sumusunod ang kanyang ginawang proyekto?

   A. lampaso
   B. basket
   C. walis tambo
   D. mesa

3. Bumili si Lola Pidilin ng anim na bote ng barnis para sa proyekto ng kanyang mga apo. Nang iniabot niya ang kanyang 500-pesong papel, binigyan siya ni Ingko Marlon P230.00 na sukli. Magkano ang bote ng barnis?

   A. P35.00
   B. P45.00
   C. P55.00
   D. P65.00

4. Bakit mahalagang ingatan ang mga kagamitang gawa ng kahoy?

   A. Upang maibenta pa ito pagdating ng panahon.
   B. Dahil madali itong masira lalo na't palaging mabasa.
   C. Upang hindi sisigawan at papaluin ng nanay.
   D. Dahil maraming magnanakaw ng mga gamit.

5. Paano mapangalagaan ang mga kagamitang gawa sa kahoy, kawayan, at metal upang magamit ito nang matagal?

   A. Iwasang mabasa ito palagi.
   B. Punasan at panatilihing malinis.
   C. Barnisan o pinturahan taon-taon.
   D. Lahat ng nabanggit.

**GAWAIN B**

**Panuto:** Hanapin ang mga kasanayan na dapat linangin at isaalang-alang sa paggawa ng proyekto mula sa kahon at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

| | |
|---|---|
| Pagpuputol | Pagbubuo |
| Pagpaplano | Pagsusukat |
| Pagpapakinis | Pagtatapos |

_______________1. Dapat ay kinisin ang mga bahagi ng proyekto na ginawa upang ito ay maging kaaya-aya sa paningin ng mga susuri nito.

_______________2. Tiyaking tama ang pagkakasunod ng mga bahagi ng proyekto upang ito ay matibay, maganda, at presentable.

_______________3. Mahalaga ang plano ng isang proyekto. Dito nakasaad ang pangalan ng proyekto, mga kagamitan, bilang at halaga.

_______________4. Upang maging pulido o makinis ang gawa, lagyan ng barnis o pintura ang produkto o proyektong ginawa.

_______________5. Mahalagang tama ang sukat ng mga gagamitin sa proyekto upang makagawa ng maayos at magandang produkto.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Basahin ang sanaysay sa ibaba at pag-aralan ang talahanayan upang masagot mo nang wasto ang mga nawawalang impormasyon ng panghuling hanay. Ang unang bilang ay ginawa na para sa iyo.

Gumawa si Donya Susan ng isang magandang lalagyan ng mga mamahalin niyang halaman. At ito ang listahan ng kanyang mga bibilhing ibinigay ng karpentero. Tulungan mo siya upang matunton ang kabuuang halaga ng kanyang mga dapat bilhin.

| Bilang ng Materyales | | Unit | Pangalan ng Materyales | Halaga ng Bawat Materyales | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|---|---|
| hal | 2 | piraso | plywood | P 1,250.00 | P 2,500.00 |
| 1. | 12 | piraso | angle bar | 195.00 | |
| 2. | 2 | kilo | pako | 50.00 | |
| 3. | 5 | bote | papel de liha | 20.00 | |
| 4. | 8 | piraso | moulding | 75.00 | |
| 5. | 3 | bote | barnis | 55.00 | |



## *Susi sa Pagwawasto*

| Balikan | Pagyamanin | Gawain | Isaisip | Tayahin | | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | A. | B. | |
| 1. A | 1. plano | A. 4 | 1. malikhaing | 1. b | 1.Pagpapakinis | 1. P2,340.00 |
| 2. B | 2. paggawa | B. 2 | 2. proyekto | 2. d | 2. Pagbubuo | 2. P100.00 |
| 3. A | 3. sukat | C. 3 | 3. pagpaplano | 3. b | 3. Pagpaplano | 3. P100.00 |
| 4. A | 4. gagamitin | D. 6 | 4. tandaan | 4. b | 4. Pagtatapos | 4. P600.00 |
| 5. A | 5. produkto | E. 5 | 5. gagawa | 5. d | 5. Pagsusukat | 5. 165.00 |
| | | F. 7 | | | | |
| | | G. 1 | | | | |

## *Sanggunian*

(Gloria A. Peralta, Ed.D., Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quiambao, Jeffrey D. De Guzman, 2016)

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.